**SYNOPSIS**

Ang *Babasagin, Babasagin!* ay kuwento ng batang si Tala, na nagising na lamang isang araw na porselana na ang kaniyang balat–katulad ng kanilang mga plato, tasa, at baso; katulad ng mga anghel at rebulto sa sala. Lubos ang pag-aalala nina Mama at Papa sa kalagayan ni Tala–at sukdulan din ang pangamba ni Tala, lalo't palagi siyang napapagalitan at napagsasabihan kung nakababasag siya at nakasisira ng mga bagay sa bahay. Alam ni Tala, kailangang mag-ingat. Hahanapin ng pamilya ang solusyon sa nangyari kay Tala, at ang sagot sa kung paano siya maibabalik sa dati. Kalaunan, matutuklasan ng mag-anak kung bakit nababasag si Tala, at sisikapin nilang ingatan ito, upang hindi na magkalamat pa.

**Babasagin, Babasagin!**

Buhat-buhat ng mumunting kamay ni Tala ang malaki, malapad, at mabigat na plato.

Paborito ni Mama ang platong ito, na may disenyong mga pulang bulaklak sa gilid. Hawak ni Tala ang plato, at ilalagay niya sana ito sa lababo, nang dumulas ito mula sa kaniyang maliliit na kamay.

Bumagsak ang plato—-*blag!*---at pakiramdam ni Tala, bumagsak din ang kaniyang puso. Alam niyang maririnig nina Mama't Papa ang pagkabasag, at alam niyang hindi matutuwa ang mga ito. Tinitigan niya ang basag-basag na piraso ng plato malapit sa kaniyang mga paa. May buto pa ng manok galing sa naubos niyang fried chicken. Naghintay si Tala. Hindi niya alam ang dapat gawin.

"Tala!" sabi ni Papa. Pumikit si Tala at hiniling na sana, maibalik niya ang oras. Sana, napigilan niya ang ang pagkahulog ng plato mula sa kaniyang mga kamay. Sana, hinawakan niya nang mas mabuti ang plato.

"Anong nangyari?" Naroon na si Papa sa kaniyang harapan.

Ilang sandali pa'y nasa kusina na rin si Mama. "Nakabasag ka na naman, Tala?"

Nagsimulang lumuha si Tala. "Sorry po," sabi niya.

"Ano ba 'yan? Doon ka na, at baka mabubog ka pa rito." Kumuha si Mama ng basahan at walis. "Mag-ingat ka! Baka makabasag ka na naman!" sabi naman ni Papa, habang pinupulot ang mga piraso ng plato, at buto ng fried chicken.

Lumayo si Tala nang may bigat sa dibdib. Nangako siyang hindi na makakabasag ulit. Nangako siyang mag-iingat sa mga bagay sa bahay. Pero, naipangako na niya ito noon, noong una,

ikalawa, ikatlo, at marami pang beses na sinabi nina Mama't Papa: *ano ka ba naman, Tala? Hindi ka nag-iingat, Tala! Burara ka, Tala! Pabaya ka, Tala. Bakit ka ganyan, Tala?*

Ilang ulit man niyang naipangako, hindi niya maiwasan ang makabasag o makasira: kapag malaki at mabigat ang plato, kapag masyadong siyang malikot at nasasagi niya ang baso, kapag may bagong laruan o gamit sa bahay na gusto niyang tuklasin.

Dahil ayaw na niyang mapagalitang muli, at masabihang pabaya at burara, uulit-ulitin ni Tala sa sarili: *mag-ingat, lalo na sa babasagin. Ingatan ang mga bagay sa bahay, lalo na ang mga babasagin.*

Kailangang ingatan ang mga babasagin. Kaya kinabukasan, noong nagising si Tala na may lamat sa kaniyang mukha, lubos ang gulat at ang pag-aalala nina Mama at Papa.

Matapos makabasag, mapagalitan, at mangako sa sariling hindi na makakabasag ulit, nagising na lamang si Tala na ang balat niya'y porselana: matigas, madulas, makinis, at makinang; katulad ng kanilang mga plato't baso; katulad ng kanilang mga tasa, at ng mga anghel at santo na rebulto sa sala.

Wala namang ibang nagbago. Ganoon pa rin ang kulay ng kaniyang balat, pati ang kaniyang mata, labi, dila, at kuko. May buhok pa rin siya sa ulo, sa pilikmata, at sa kilikili. Pareho naman ang lahat sa kahapon, maliban sa pakiramdam ng kaniyang balat, na naging porselana.

Sinampal niya ang mukha na ngayo'y matigas na, at tumunog ito-*plok! Nananaginip ba ako? Bakit ganito?*

Saka niya naisip: *babasagin*! Nagising siyang babasagin. Nagising siyang babasagin, at may maliit na lamat sa kaniyang pisngi.

Napasigaw siya, *Aaaaaaaaaaaaaaaah*! At nagsimulang umiyak. Ramdam niya pa rin ang mga luha kahit matigas ang kaniyang mga pisngi. *Ano ba ang nangyayari?*

Dahan-dahan siyang naglakad papunta kay Mama. Wala naman siyang naramdamang iba sa kaniyang sarili, liban sa pagbabago sa kaniyang balat. Nakakapaglakad pa rin siya nang maayos, at hindi naman mabigat ang kaniyang mga yabag. Nagagawa niyang tiklupin ang kaniyang siko't binti. Nakauupo siya at nakatatayo nang hindi nahihirapan.

Pareho ang lahat sa dati. Iyon lamang, ang buong katawan niya–mula ulo, hanggang paa–ay babasagin.

Gulat na gulat si Mama. "Papa, anong gagawin natin?" halos maiyak siya sa makita. Hinawak-hawakan siya nina Mama at Papa. Hinaplos ang kaniyang buhok, na parang nakatahi sa porselana niyang anit, at pinunasan ang kaniyang mga luha, na tumutulo kapag pinipikit-pikit niya ang naging kristal niyang mga mata.

"Totoo ba 'to? Bakit nagkaganito?" tanong naman ni Papa.

Pero totoong-totoo, mahika man o sumpa, karamdaman man o kulam. Babasaging bata na nga si Tala, at hindi alam ng pamilya kung paano siya babalik sa dati.

Sinubok ng pamilya na alamin kung anong mali kay Tala. Ginawa ang normal na mga gawain. Nakaligo siya't nakapagbihis. Nakaramdam pa rin siya na siya'y naiihi, at nakaihi siya. Nakakain, nakainom, at nakatakbo--kahit sinabi ni Mama na 'wag na, at baka mabasag siya.

Dinala siya ng kaniyang pamilya sa ospital. Noong sinuri si Tala, hindi makita ng mga doktor ang pinagmulan ng lahat. Pinakinggan ang kaniyang puso, na patuloy lamang sa pagtibok.

Sa x-ray, walang natagpuang kataka-taka sa kaniyang mga buto. Hindi lamang siya nakuhanan ng dugo, dahil hindi na matusok ang karayom sa kaniyang balat.

Kahit doktor na espesyalista sa balat, hindi malaman ang sanhi ng nangyari kay Tala. Ito raw ang unang beses na makakita siya ng batang babasagin, kaya hindi niya alam ang sasabihin.

Pareho ang bilin ng mga doktor: mag-ingat na hindi madagdagan ang mga lamat ni Tala, dahil hindi ito sigurado sa mangyayari kung dumami pa ang mga bitak, at mas malala, kung mabasag.

Sunod namang pumunta ang pamilya sa albularyo. Hinawak-hawakan nito si Tala. Tinitigan ang kaniyang mga matang kristal. Pinitik-pitik ang kaniyang porselanang braso–*tok! Tok!*

Nagsindi ito ng kandila habang may ibinubulong. Ipinatak ang luha ng mga kandila sa isang palanggana. Nang mamuo at matuyo ang mga ito at naging malaking bilog, sinuri ito ng albularyo. Umiling-iling.

Wala raw siyang makita na pinagmulan nitong nangyari. Hindi naman daw siya naduwende o naengkanto. Hindi alam ng albularyo kung anong gagawin kay Tala.

Wala rin siyang ibang sinabi, kung hindi ingatan si Tala, at baka mabasag.

Bigo ang pamilya ni Tala na makahanap ng lunas sa kaniyang sitwasyon. Dahil wala nang ibang maisip sina Mama't Papa, at dahil kaya naman ni Tala na ipagpatuloy ang pang-araw-araw na gawain, tinanggap na lamang nila na isa na siyang batang babasagin.

Tanda nila ang sabi ng mga doktor at ng albularyo: *mag-ingat*. Hindi dapat na mabasag si Tala. Hindi dapat madagdagan ang kaniyang mga lamat.

Araw-araw, suot ni Tala ang malambot na malambot na jacket. May takip ang halos lahat ng bahagi ng kaniyang katawan. Mahaba ang kaniyang pantalon. May balabal na nakapalibot sa kaniyang leeg. Mayroon siyang bonnet.

Naiinitan man, kailangan niyang mag-ingat. Sabi nina Mama't Papa, hindi puwedeng magkalamat o mabasag.

Manghang-mangha ang mga tao kapag nakikita ang batang babasagin. Tinatanong nila, *puwede ka ba naming hawakan? Anong pakiramdam na maging porselana?*

Minsan, pinahahawak ni Tala ang kaniyang mga kamay. *Walang nagbago,* sinasabi niya, *babasagin lang ako.*

Hanggang isang hapon, nadagdagan ang mga lamat ni Tala.

Habang kumakain ng meryenda, natabig ni Tala ang baso sa kaniyang tabi. Nailapag niya pala ito malapit sa dulo ng mesa, kaya noong gumalaw siya nang kaunti, nahulog ito sa sahig–*plaaaaak*! Nakabasag si Tala!

Alam na ni Tala ang susunod na mangyayari–magagalit sina Mama't Papa sa kaniya. Sasabihan siyang *pabaya, burara, ano ka ba naman, Tala? Bakit ka ganyan, Tala?*

Nakita niyang tumatakbo si Papa papunta sa kaniya. "Tala!" sigaw nito. Kasunod niya si Mama, na bakas ang pag-aalala sa mukha. Naglakbay ang mga mata ni Mama, hanggang makita nito ang basag-basag na piraso ng baso sa sahig. "Tala naman! Akala ko ikaw ang nabasag!"

Sunod-sunod na nga ang mga tanong ni Papa, "Ano ka ba naman? Palagi ka na lang bang makakasira? Paano kapag sarili mo na ang hindi mo naingatan? Bakit mo ba ito hinahayaang mangyari?"

Hindi makapagsalita si Tala, dahil hindi niya alam ang sagot. Hindi niya naman gustong mabasag ang baso. Madalas naman siyang mag-ingat, lalo na noong naging babasagin siyang bata. Pero, hindi niya pa rin napigilan ang pagkabasag ng baso.

Sabi ni Mama, “Saan mo ba nilagay ang baso? Kung nag-iisip ka lang, hindi ito mangyayari.”

Nalungkot si Tala dahil hindi niya naisip na baka mabasag ang baso. Ilang sandali lamang, tumulo nang tumulo ang luha mula sa mga mata niyang kristal.

“Sorry, Mama. Hindi ko naman po gustong m-m-abasag. . .” hagulgol niya, subalit patuloy lamang sina Mama’t Papa sa pagsasalita tungkol sa pag-iingat at pagpapabaya. Narinig muli ni Tala ang mga sinasabi nila sa tuwing nakakasira siya at nakakabasag–*hindi siya nag-iingat; hindi siya nag-iisip. Malikot kasi siya! Makulit! Matigas ang ulo! Hindi nakikinig.* Pero gusto niyang mag-ingat; gusto niyang mag-isip, at palagi siyang nakikinig. Naalala niya ang mga sinasabi nina Mama’t Papa.

*Kraaaak-kraaaak-kraaaak!* Narinig nilang dalawa. Nagtaka sina Tala at Mama kung saan nanggaling ang tunog. At nakita nilang may malaking lamat sa kabilang pisngi ni Tala.

“Tala!” muling sigaw ni Mama. “Papa, may lamat uli sa pisngi si Tala!”

Hindi alam ni Tala ang mararamdaman. Napahawak siya sa kaniyang pisngi.

“Masakit ba?” tanong ni Mama.

Hindi siya makasagot. Dahil ang totoo, wala naman siyang naramdamang pisikal na sakit. Iniisip niya pa ang pagkabasag ng baso, at na bigo siyang pigilan ang aksidenteng ito.

Lumapit ang kaniyang Papa. Hinawakan ang kaniyang pisngi.

Muling nagsalita si Papa, “Ikaw kasi! ‘Di mo iniingatan ang sarili mo! Bakit ka ba ganito, Tala? Dapat alam mo na, dahil babasagin ka, na kailangan mong maging maingat!”

Sa puntong ito, hindi maunawaan ni Tala ang nararamdaman. Naghalo na ang gulat, takot, at lungkot. *Ayaw kong mabasag! Ayaw kong magkalamat!* Hindi niya alam kung anong ginawa niya at naging babasagin ang kaniyang buong sarili. Hindi niya alam kung paano pa ba niya maaaring ingatan ang sarili.

Hindi na niya naririnig sina Mama't Papa, na patuloy lamang sa pagsasalita at pagsigaw. Sa tuwing sumisigaw si Mama o si Papa, muling narinig ang tunog–*kraaaak! Kraaaak! Kraaaaak!*

Tiningnan ni Tala ang kaniyang mga braso't kamay. Tila nagkakaroon ang mga ito ng mga bitak-bitak. *Aaaaaaah*! Sumigaw siya sa kaniyang isip. Itinaas ang mga kamay para makita nina Mama at Papa.

"Anong nangyayari?" sabi ni Papa.

Subalit pagod na si Tala sa mga bulyaw nina Mama't Papa. Sa paglakas ng mga boses nila, lalo siyang nagkakalamat at nagbibitak-bitak. "Ano ba 'to, Tala? Anong gagawin nati–"

Napasalita nang malakas si Tala, habang umiiyak. "Mama, Papa, tama na po! Tama na ang sigaw!"

"Sorry po at nakabasag na naman ako! Sorry po at lagi akong nakakasira!"

Napatingin lamang sina Mama at Papa kay Tala. Natahimik.

"Hindi ko po sinasadya. Ayaw ko pong makatapon o makasira. Ayaw ko pong makabasag. Nag-iingat po ako. Ayaw ko pong mabasag. Ayaw ko pong mabasag," sabi niya. Napaupo si Tala sa sahig, at niyakap ang kaniyang mga tuhod.

Hindi na sumagot pa si Mama, at hindi rin nagsalita si Papa. Sa takot ni Tala, hindi niya inaangat ang kaniyang ulo.

Pero maya-maya, naramdaman niya ang yakap ng mga magulang.

“Sorry, Tala,” sabi ni Mama. “Pasensya ka na, Tala,” tugon naman ni Papa.

Simula noon, sinikap nina Mama at Papa na maging maingat sa kanilang mga salita. Kung may nababasag o nasisira o nakakalimutan si Tala, sinusubok nila na mas magkaroon ng pasensya. Sa halip na sumigaw, itinuturo nila sa kaniya kung ano ang dapat gawin.

Halimbawa, kung makabasag man siya Tala, paalalahanan siyang ligpitin ang nabasag. “O, mag-ingat ka sa paglilinis, at baka mabubog ka,” sasabihin ni Mama, kahit na porselana naman ang balat ni Tala.

Kung may nasirang gamit, o nawalang laruan, pag-uusapan ng pamilya kung bakit ito nangyari, at kung ano ang maaaring gawin sa susunod. Sa ganitong paraan, mas natututuhan ni Tala kung paanong hindi makabasag, makasira, o makawala.

Kalaunan, unti-unting nawala ang mga bitak at lamat ni Tala, kahit nga hindi na ito napapansin ng pamilya, dahil sanay na sila na isa siyang batang babasagin.

Lumipas ang maraming buwan ng buhay ni Tala bilang batang babasagin. Lumipas din ang maraming buwan na naramdaman niya ang pag-iingat nina Mama at Papa.

Isang araw, nagising na lamang si Tala, na hindi na siya babasagin. Hinawakan niya ang kaniyang balat–at ang pakiramdam nito’y balat! Kinurot-kurot niya ito, isang bagay na matagal na niyang hindi nagagawa.

Napaiyak si Tala sa ligaya! Tumakbo siya kina Mama at Papa. “Mama! Papa! Hindi na ako babasagin!”

Tuwang-tuwa rin sina Mama at Papa. Hinawak-hawakan nila si Tala. Niyakap nila ito nang mahigpit. Habang yakap-yakap si Tala, sabi ni Mama, “Iingatan ka pa rin namin, Tala.”

At ngumiti si Tala, ang batang hindi na babasagin.